**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

**THE PRESIDENT'S CHATROOM**
**ONE-ON-ONE INTERVIEWS WITH**
**SENATORIAL CANDIDATES ROBIN PADILLA AND HARRY ROQUE**

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Robin --- Mr. Robin Padilla. Magkaibigan tayo matagal ng panahon. Long, long, long time ago. I have known you as a moral and upright person.

Mayroon lang kasi akong naririnig na mga issue na matagal na. Kumbaga ano basura na 'to with the passage of time and the case itself.

Alam mo 'yung paghuli sa iyo ng illegal possession, eh alam mo iyong baril kung hindi lang galawin ng tao, hindi naman na --- wala namang magawa 'yan eh. But in the hands, eh kasi sa batas may --- bawal.

Na-convicted ka. You must also realize --- I must tell you that the crime does not involve moral turpitude. So walang kaalaman 'yan sa morality. Eh hawak lang ng baril eh.

Now, nag-pard --- binigyan ka ng pardon ni ano ni Presidente Ramos ---

**SENATORIAL CANDIDATE ROBIN PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- pero hindi kumpleto.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya sa panahon ko, kinumpleto ko 'yung talagang malinis para... Noon hindi ka makaalis ng bayan, hindi ka makaboto, kung ano-ano.

Iyong panahon ko, tinanggal ko lahat because I --- I feel that hindi nga --- walang moral turpitude and talaga namang you are a man of vision.

Nakikita mo 'yung --- ma-project mo 'yung anong mangyayari sa bayan itong mga uprising ng moral --- iyong insurgency, not really moral but that does not involve morality. But still, itong mga kapatid natin na Muslim, they rose against the government. Ikaw 'yung isa sa mga tao na provided the moderation so that it would not go out of hand. Hindi magkaroon ng giyera talagang patayan, putukan.

So the nation appreciated it. I was then a mayor. I was a friend when I was a mayor, I am a friend noong ano. Nakita ko ang trabaho mo. So for that, in behalf of the Filipino people, I'd like to congratulate you and thank you for I said providing the moderation during those times.

Ngayon, ah ---

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- nakita ko rin na crusader ka, and maski na wala kang ambisyon noon at sinabi mo naman talagang ayaw mo, in the past, ayaw mong tumakbo, ayaw mong --- sabi ko, kagaya ng tatay mo who served government. Sinabi mo iwas ka lang sa pulitika.

Ako 'yung nag-uudyok sa'yo na... It might be good if you run because crusader ka eh. Gusto mo 'yung... Ayaw mo ng kabulastugan. Gusto mo lang kung ano 'yung tama. Iyon ang sabi natin na --- noon nag-usap tayo --- kung ano lang ang tama. Huwag ka nang lumabas diyan.

So naano ako na patakbuhin kita. I sent word that I'd like you to run for senator. Ang nakikinig sa atin ngayon, kayong mga Pilipino, more than just being an actor --- huwag na, itabi na natin 'yan --- kung may pelikula ka man, extra ano na lang 'yan.

Ang hangarin mo sa buhay maganda para sa Pilipinas. Tinulungan mo 'yung ating mga Muslim brothers and sisters at ikaw naman you were an advocate of matulungan sila. And we responded especially during my time, iyong BARMM, lahat na. Medyo nagkalma na ang ating mga kapatid na Muslim. So iyon ang ano ko sa iyo.

Sayang kung hindi ka maging senador o maging opisyal lang naman. Hindi na kailangan senador o congressman, governor, because sa buhay mo ngayon parang tapos ka na diyan sa acting-acting. Gusto mo 'yung totohanan na.

So iyon ang gusto ko na bigyan mo buhay iyong mga pelikula mo. Eh pelikula lang 'yun, hindi naman totoo 'yun eh. So bigyan mo ng buhay 'yung mga characters na where you played as the lead role in so many films. I want you to breathe life iyong mga character na nagawa mo.

So I would like to ask you, sagutin mo lang ako para malaman ng Pilipino iyong ano ang tingin mo itong sa continuation of reform agenda kasi droga, corruption, katiwalian, iyong kidnap for ransom --- kidnapin nila, patayin nila 'yung hostage diyan, iyong mga ganoon.

The famous case 'yung kay Evangelista. Iyong car dealer na gusto nilang bumigay ng --- bumili pala ng kotse para kunwari 'yung tinesting nila. Eh 'yun pala 'yung mga ano 'yun sila mga hayop na mga...

Kinuha nila 'yung kotse, pinatay nila 'yung si Evangelista, sinunog pa nila. So nakita natin sa TV how a father in agony and in grief sa anak niya. Pero iyong nagpatay sa anak niya, patay na rin. Wala na 'yun. So almost erased na.

So itong mga dumadating ng ano, marami akong agenda. Peace and order, ipagpatuloy mo 'yung kung ano. Ipagpatuloy mo ba 'yung sa peace process natin sa Mindanao? We are through with BARMM, but we are not yet through with the talking to the ---

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** MNLF.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- MNLF.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Si Misuari. Misuari is a --- he is only asking that they be given a minimum sa hiningi nila. So itong...

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Iyong Build, Build, Build po talaga napakaganda po nu’n, Mayor, 'yung Build, Build, Build po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo yeah, ‘yan.

So can I ask you to talk about these things para sa nakikinig sa atin?

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo. Una po, Mayor, totoo po 'yung sinabi po ninyo na wala po talaga akong planong pumasok sa pulitika. Nagkaroon lang po ako nang matinding paghanga po sa inyo, Mayor.

Nakita ko po talaga na kaya po talaga basta may magaling na lider. Ang gusto ko po talaga *[President Duterte: Correct.]*, opo, ay maituloy po lahat 'yung naumpisahan po ninyo lalong-lalo na po 'yung law and order. Iyon po talaga nakita ko talaga na kapag ang isang bayan ay may law and order, puwede po tayong umunlad.

At iyon po ang nakita ko po talagang priority po ninyo na ibinigay niyo po 'yan kasi iyong iba pong --- napansin ko lang po ano --- matagal na rin po ako sa peace process, Mayor. Eh napansin ko po laging half lang ang pagtingin nung mga naunang namuno.

Pero kayo po talagang ibinigay niyo po ang kamay niyo po sa kanila at natutuwa po ako. Itong mga kapatid po nating mga Muslim, sa matagal pong panahon, Mayor, ngayon lang po sila nagbigay ng wholeheartedly, buong puso nila sa isang presidente. Lalo na po noong sinabi niyo po na nagkaroon talaga ng historical injustice ang mga Bangsamoro at binigyan niyo po sila ng pride pa noong sinabi niyo po noong isang beses sa inyong speech na sinabi niyo na *"si Lapu-Lapu ay isang Tausug."* Binigyan niyo po

talaga ng pride ang mga Bangsamoro. Tumaas po ang kanilang pagtingin sa sarili nila.

At Mayor, kayo lang po ang nagbigay ng pride sa lahat ng Pilipino sa buong mundo. Hindi ko po... Ito kuwento lang po ito, pagkatapos niyo po akong bigyan ng absolute pardon, nagpunta po ako ng Australia. Dala-dala ko po 'yung absolute.

Pagdating ko doon sa Immigration... Eh lagi pong mainit sa akin ang Immigration eh. 'Pag nakita pa lang po niya 'yung background, itatabi ka na niyan. 'Di tinabi po ako. *"Where's your papers?"* sabi nung Immigration eh. *"I was given an absolute pardon."* Ibinigay ko po ‵yung absolute pardon. Nakita nung Australyano ‵yung pirma niyo. *"Rodrigo Duterte? Oh, I'm a fan,"* sabi niya. At ipinakita ko pa po ‵yung picture nating dalawa tuwang-tuwa po ‵yung Immigration officer na puti.

Kaya sabi ko ganoon po ang epekto niyong ibinigay sa mga Pilipino, Mayor. Nagkaroon po tayo talaga ng pride tayo na sabi ko nga po eh iba talaga pagka ‵yung lider natin talagang strong leader. Iyon po ‵yung mga gusto kong maituloy, Mayor, kasi sa totoo lang po masakit man pong aminin ko na nalulungkot po ako na matatapos na po ‵yung termino po ninyo, Mayor, kasi nasa inyo po eh, ibinigay niyo po sa mga Pilipino ‵yung pag-asa.

Kaya po nung sinabi sa akin na sige na, tumakbo ka na, hindi na po ako nagdalawang-isip, Mayor, kasi sa totoo lang po, kung maitutuloy-tuloy po ‵yung inumpisahan ninyo lalo na po sa BARMM, ito pong plano niyo po kay Chairman Nur Misuari at ito pong NTF-ELCAC, iyon po talaga ang daan para umunlad ang Pilipinas pagka nawala po itong mga rebelyon. Iyan po kasi ang humaharang sa atin, Mayor, eh.

**PRESIDENT DUTERTE:** Correct.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Kasi ito pong Build, Build, Build naalala ko po si Ramon Ang. Sabi niya kayo lamang daw po ang pangulo na nagkaroon ng political will. Ito pong ginagawa nilang Skyway, dati daw po nilang plano na ‵yan pero tuwing kakausapin po nila ‵yung mga local mayors, pinahihirapan nila.

Pero noong kayo daw po ang nagsabi na, *"Hindi, matutuloy 'yan."* Wala daw pong umangal na mayor eh. Iyon pong ganoong klaseng leadership, Mayor, ang gusto ko pong ituloy.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige, maganda 'yan. Hindi naman kailangan na ano, wala 'yan sa tapang-tapangan, prinsipyo lang 'yan. Sabihin mo lang na ito 'yung trabaho ko, ipagpatuloy ko kasi nandiyan na 'yan inumpisahan na ni Duterte, bakit hindi natin iha --- paabutin itong train hanggang Bicol tapos 'yung train hanggang Batangas to make the lives of the people comfortable. Sabihin mo lang na wala akong hangarin dito, hindi ko daanin sa patapang-tapangan, gusto ko lang sumunod.

Kay ako isang --- hindi naman… Every generation may lider kasi, gusto ko lang sundin. Maganda 'yang ginagawa niya, iyon lang naman. Maganda 'yan at magkaintindihan tayo diyan. Maski na hindi ako Presidente, tutulong ako sa iyo.

Dito sa peace and order. Bantay kayo dito sa droga. I am not saying that the president who will come after me would know how to handle it better than I did pero medyo takot lang rin ako na there will be a strong resurgence, mabuhay uli. So umaasa ako na sa kayong mga a few diyan na of like-minded sa akin na talagang you hate drugs, I know. So anong plano mo dito sa ipagpatuloy mo, pagpapalawak mo ng mga ahensiya dito?

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo, kung maikuwento ko lang po, Mayor, kasi kanina binanggit niyo po 'yung buhay ko sa loob ng kulungan kung bakit po ako nabigyan ni Presidente Ramos ng conditional lang. Kasi ang nangyari po doon noong ako po ay nakulong, ako po ang lumaban diyan sa loob ng Bilibid po against drugs.

Ako po ay nagtayo ng therapeutic center sa loob, ang Inmates Crusade Against Drugs. Kasi po doon pagdating ko, Mayor, ang mga bilanggo po doon pumupunta sa third floor tumatalon doon, nagsu-suicide. Ganoon po kasi kalawak ang drug problem sa Bilibid. Sa katunayan po, Mayor, ako pa po ang nag-expose noon na totoo talagang nagkaroon ng pabrika ng shabu sa loob ng Bilibid.

At ako po ang kinuha ni General Vinarao noong panahon na ‘yun na mole niya. Ako po ‘yung kanyang daga doon sa loob at ako po talaga ang nagsasabi sa kanya kung sino po talaga ‘yung mga guwardiya na involved at kung sino po talaga ‘yung mga mayor doon sa loob ‘yung mga --- kasi doon po sa loob may mayor, may governor. *[laughs]* Ako din po ang nagtuturo nu’n.

Kaya po noong naitatag ko po ‘yung therapeutic center, Mayor, nabigyan po ako ng award ng Dangerous Drugs Board at ito naman po ang kinuha ng Board of Pardons and Parole para ako po’y irekomenda po nila sa pangulo, kay Presidente Ramos. Kaya hindi po ako, Mayor, dumaan na nagpalakas po o nagpanggap po ako na may sakit po ako. Nagtrabaho po ako, Mayor, sa Bilibid.

Talagang ginawa ko po ang lahat para ako po ay pagkatiwalaan ng Bilibid at iyan din po ang gagawin po natin, Mayor, kapag ako po ay pinalad po na maging senador. Gagawa po tayo talaga ng batas na may kinalaman po unang-una, kailangan, Mayor, maging mahigpit po ang batas laban sa mga opisyal sa gobyerno na mai-involve sa drugs. Sapagkat hindi po puwedeng maging parehas ang penalty sa isang sibilyan at sa isang taga-gobyerno na nagsabi ng oath na siya ay poproteksiyunan niya ang bayan niya pero pumasok siya sa droga.

Dapat po magkaiba po ang penalty nu’n, talagang mabigat dapat ang penalty. At ang kasabay po nu’n din lalo din po siyempre sa mga opisyal din na halimbawa pulis o heneral na ma-involve diyan, dapat talagang mas mabigat po ang kanilang sentensiya.

At siyempre po kasabay po niyan magkaroon din ng mga community therapeutic center kasi napatunayan ko po ‘yan sa loob ng kulungan na napakahalaga po talaga na itong mga user na ito magkaroon po sila ng relasyon sa komunidad para hindi po sila… Parang kasi po ang nangyari sa ating komunidad ngayon, napansin ko po ‘yun ano, parang pagka hindi nila binibigyan ng atensiyon. Dapat bigyan nila ng atensiyon ang pamilya.

Lalo na po noong sinabi niyo ‘yung speech niyo po tungkol sa mga OFW po na ‘yung kanilang mga anak ay nagiging biktima ng mga droga. Napakaganda po nu’n, Mayor, kung magkakaroon lang po sana ng pagharap

dito ang mga barangay lalong-lalo na po ang barangay captain, dapat 'pag nalaman na nila na sa komunidad nila ay mayroon doon anak ng OFW, dapat sila mismo binabantayan na po nila 'yun dahil ang magulang nu'n nagtatrabaho sa abroad. Walang tumatayong magulang. Para po bang day care sa mga bata pero isa pong mas malawak na --- na pagtingin ng barangay sa komunidad niya. Hindi lang laging nakaistambay si barangay captain doon sa kanyang barangay hall, dapat po talaga nag-iikot. Para pong ganoon po, maging --- maging --- ang --- ang responde po ng komunidad para siyang hindi siya individualism, parang maging ano po siya komunidad.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maganda 'yan at alam ko gagawain mo 'yan. So sinasabi ko na sa sarili ko hindi ko na kailangang turuan 'tong taong 'to. Alam niya, crusader ka nga eh. Ayaw mo ng mali na ginagawa ng tao, ayaw mo 'yung api-api, 'yang mga ganoon. Ayaw mo 'yang pulis na abusado o ganoon, ganoon 'yan eh. Marami 'yan dito. Hindi naman natin --- we cannot deny na 'yung minsan iyong mga pulis ang put --- iyon din ang involved sa drugs.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya tama ka, wala kang patawad diyan. Ako ganoon rin. See to it that talagang ilibing mo ng --- kung puwede buhay ang mga… Tama ka.

So ito ngayong --- punta tayo sa federalism. Matagal na itong hiningi ng tao eh. Hindi kaya lang maglusot --- hindi lang kaya talaga kasi alam mo na, ayaw mag-give up ng power. Kung mag-federalism, iyong powers will be downloaded doon sa mga LGUs and then dito sa taas, lalo na 'yang presidente pati Gabinete ayaw… Ang pulis naman hindi kasali diyan pati militar. Trabaho nila 'yan.

Pero itong mga nasa taas, presidente o 'yung --- 'yung Congress, somehow 'yung mga ibang powers nila mapupunta 'yan sa federal units, kaya ayaw nila. So six years 'yan. How would you convince a nation of the benefits would far outweigh 'yung --- 'yung mas maraming maganda kaysa mali doon sa federalism?

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Ako po, Mayor, gagayahin ko lang po 'yung ginawa po ninyo noong 2015. Noong 2015 po kasi naikuwento ko nga din po sa iba 'yan, sabi ko tinatanong po nila, *"Papano ka ba napalapit kay Presidente Rodrigo Roa Duterte?"* Kinuwento ko po sa kanila sabi ko bukod sa magkaklase ang Kuya Robert Padilla ko at saka si Presidente, mayroon pang isang pangyayari sa buhay na si Presidente ang unang-unang nagpalaganap ng federalism.

Noong narinig ko na 'yun ang gusto ni Presidente, ako mismo nagpunta sa Davao. Mineet (meet) ko si Mayor Rodrigo Roa Duterte, ipinangako ko sa kanya na ako po susuportahan ko po kayo. Eh 'yun po ang gagawin ko, Mayor, kahit po halimbawa ako po ay manalo na o anuman po ang mangyari sa akin, manalo, matalo, gagawin ko po 'yung ginawa ninyo, umikot po kayo sa buong Pilipinas at pini-preach po ninyo ang federalism doon sa grassroots.

Kasi 'yun po ang ginawa po ninyo, pumunta po kayo sa malalayong lugar at ipinapaliwanag niyo po doon sa mga talaga pong mga tinatawag po nating nasa ground. Eh Mayor ako po, sa lakas po ng social media din po ngayon, eh ngayon po mayroon po tayong 5 million na followers, kung aaraw-arawin ko po 'yan na patungkol sa federalism ang akin pong sasabihin, naniniwala po ako na maiintindihan po ng mga Pilipino na lumang-luma na itong unitary form of presidential government ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Form of government.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** --- of government po 'no na ito po ay sabi… Kinukuwento ko nga po sa kanila eh, 1899 pa ito, panahon pa ito ni Emilio Aguinaldo, noong siya'y sumumpa sa Malolos, unitary na po tayo, parliamentary nga lang.

Pero noong 1946, naging parlia --- ah naging unitary presidential form na po tayo. Magmula 1946, sabi ko. Ngayon noong 1987, akala po ng lahat, noong 1986 Revolution dahil si Marcos po kasi nag --- si Presidente Marcos po naglagay na po siya ng unitary pero parliamentary, naging unicameral na po tayo eh. Naging ang lahat po ng…

Sabi ko nga po sa mga nandoon sa kabilang kulay, sa mga dilaw, sabi ko, alam niyo nagkaroon naman ng kamulatan noong panahon ni Presidente Marcos dahil sa --- dahil sa parliamentary na tayo noon. Kaya huwag ninyong sasabihin na hindi naging daan 'yun para sa People Power.

**PRESIDENT DUTERTE:** Pumasok na rin sila eh kaya hindi natuloy actually.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Oo nga po eh. Kung matatandaan po ninyo, Mayor, pati po si Doy Laurel, noong panahon na ‘yan, kasama po ‘yan ng tatay ko eh, na assemblyman po ‘yung tatay ko, sila na po ‘yung nagtutulak nung federal. At ‘yan din po ang pinangako nila kay Nur Misuari, hindi nga lang po natuloy noong 1987 Constitution, ibinalik pa nila sa unitary presidential form.

**PRESIDENT DUTERTE:** At saka ‘yung --- they opened more opportunities for corruption.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kagaya nitong isa, ang balak nila noon, the purpose was to equalize or democratize the powers of government na mabigyan ‘yung lower --- national government then lower units, eh in their --- ano sabihin ko, I’m looking for --- in their fractured --- gumawa sila ng mga party-list, extensively, para mabigyan ‘yung maliliit na mag-grupo-grupo sila.

Ang nangyari lahat ng mga mayaman, binili ‘yung --- sinolo (solo) ‘yung mga party-list, ipinasok nila ‘yung anak nila, ipinasok ‘yung asawa nila. Ang talaga ‘yung mahirap ginagamit lang ang pangalan, urban poor pero ang representative nila puro bilyonaryo. Iyan talaga ang nangyari diyan eh.

So ako I suggest that you should correct it. During your time, sabihin mo lang, panahon na siguro na ibahin natin ang Constitution. Pati itong graft and corruption, it would be easy for them to… ‘Pag nandiyan ka na sa Senado, malaman mo na. Ah, so malaman mo talaga.

So hindi ko na lang pag-usapan ‘yan kasi dumaan rin ako ng Congress, ma --- ayaw kong… Paalis na ako, ayaw ko na ng may nakakaaway kung sabihin ko ang totoo kung ano talaga ang nangyayari diyan sa loob. So ‘yan.

Dito naman tayo sa West Philippine Sea, anong masasabi mo? Ano ang ano mo diyan, tingin mo at anong dapat gawin?

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Ako po, Mayor, talagang idol po kasi talaga kita. Talagang ako po talaga, tagasunod po ninyo ako. Sa totoo lang

po, Mayor, kung hindi po kayo ang Presidente ng Pilipinas baka po Ukraine na po tayo. Kung da --- kung nagpadala po…

Ang dami po kasing matapang. Galing po ako doon eh. Iyon pong panahon na sinasabi nila na mayroon daw pong mga isla na tayong nawala. Nagpunta po ako doon, kumuha po ako ng bangka, dito, galing po ako ng Navotas, pumunta po ako ng Spratly Island at totoo naman po na nandoon talaga ‘yung mga Chinese. Pero kahit kailan, Mayor, wala pong isang islang nawala, sapagkat nandoon ang Armed Forces of the Philippines.

Bawat pong islang pinuntahan ko, nandoon po ang Navy, nandoon ang Army, nandoon ang Air Force. Katotohanan, Mayor, pinasok pa namin ‘yung K1, K2, K3, K4, naglagay pa kami ng bandera, Mayor, wala naman magawa ‘yung mga Chinese.

Ang totoo, Mayor, nandoon, sumusunod sila lahat. Ang sinabi nila sa akin, *"Order ‘to ni Presidente. Hindi namin ‘to kailan iiwan. Mamamatay kami dito at papatay kami dito sa order ni Presidente."* Iyan po ang sinabi sa akin nung mga sundalo doon, Mayor.

Kaya lahat po nung sinasabi nila na puro kasinungalingan, sabi ko, *"Ito, panoorin ninyo itong documentary ko nang makita ninyo na puro kayo walang alam, hindi niyo alam, na tayo, tayong mga Pilipino pa rin ang siga doon."*

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay na ‘yan, iyong fervor mo. Tutal ganoon lang naman talaga, huwag tayong makipaggiyera, talagang wala tayong laban.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo, opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Pag-move out mo palang diyan sa Palawan, ubos na tayo. Hindi ko ipapa --- huwag po ninyong ipasubo ang Pilipinas, hindi talaga kaya. Kagaya ng --- kagaya ng sa atin mga Ukraine-Russia, eh pulpugin lang tayo. So kaibigan lang tayo. There is always a time for everything. Lahat ng pangyayari itong sa mundong ito, may panahon. Hintayin lang ninyo, darating rin ‘yan.

So in the meantime, just be friendly with China at kung may makuha… Kita mo 'yung Binondo Bridge?

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo, opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sabi walang nagawa, maski 'yan na lang eh. Maganda na rin 'yan. Inaugurate ko kahapon. Nagpapasalamat ako doon sa China kasi hindi naman masama magpasalamat ka sa… Kagaya 'yung nag-COVID tayo dito kinuha ko si Galvez, sabi ko, "Ikaw at ikaw lang ang…" Kasi kung --- binalaan ko 'yan sa iba? Corruption. Sigurado walang bakuna. Sabi ko, *"Ikaw lang. You answer to me alone. Iyong trabahong 'yan, you do it alone."*

O nagharap kami, sabi niya, *"Wala man tayong bakuna."* Sabi ko, *"'Di maghintay tayo."* And it was China, first two shipments natin sa… So nagpasalamat ako. Hindi naman masama na magpasalamat ka sa magandang asal na ginawa, papakita…

Pero sabi as a matter of principle, hindi talaga namin iiwanan 'yung claim namin. Because I, o sila Duterte noon, sila Ramos, they have no right at all, pati kami, to relinquish the claim na, *"O sige, huwag na lang para walang gulo."* Hindi namin puwedeng gawin 'yan eh. Maski na papaano, maghanap ka ng paraan, short of going to war because hindi talaga kaya. Makipagkaibigan na lang at hintayin na lang ang panahon. Mayroon --- mayroon ring dadating diyan tingnan mo.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** So it might be a --- ewan ko lang kung baka may spillover itong ano, sabi ko, tingnan natin. So mala --- maalanganin… *[Hindi ko ma-Tagalog.]*

I just continue to pray that there will be peace in this part of the world and that it would not involve us in a bloody conflict of a war.

Tama 'yung ginawa mo sundin mo lang 'yung anong nakita mo sa bunganga ko.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay na ‘yun. At least mayroon ka ng --- may guide ka na.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kung hindi cellphone lang naman tawagan mo ako, *“Ano ba ito dito, adre? Puwede ba itong gawain natin?”* Eh ‘di I could give you --- as President, may access kasi ako sa intelligence ng lahat.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sa intelligence even outside of ‘yung --- hindi ko na sabihin kung sino ‘yung kuwan, pero hindi nga Amerika. May mga countries diyan na nagbibigay sa atin ng ano… And it will continue sa inyong panahon. Lalapitan kayo, bibigyan kayo ng mga intelligence ganoon. You would know what to do.

Eh ‘di pakinggan mo ‘yung Amerika pero alam mo hindi talaga ako bilib diyan sa… Independent ka lang, neutral ka lang. Huwag ka lang makipagpatayan kasi walang laban talaga. Kawawa ang bayan.

So ‘yun lang naman siguro ang gusto kong malaman sa iyo. Medyo kumpleto na kasi ‘yung iba day-to-day ano lang ‘yan legislation. At kung mayroon may mangyari na kailangan kang magsalita, mayroong privilege hour doon, doon mo na ibuga ‘yung galit mo o ayaw mo ng ganitong paraan. All geared towards public interest, kung anong makapabuti sa bayan ng Pilipinas. Iyon lang naman.

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Nakuha mo naman lahat so okay ka na. And nakikiusap ako ngayon sa mga tao na hindi kayo lugi dito. At hindi komo actor ‘to --- kalimutan mo na ‘yang acting ni --- ‘yung acting lang ‘yun eh. Iyong importante ‘yung buhay siya at ginagawa niya ‘yung sinasalita niya noon, kung totoo ‘yun, gawain niya ngayon at magkaroon tayo ng isang senador na I will describe him as a crusader at a true Filipino.

So iyan lang I…

**SENATORIAL CANDIDATE PADILLA:** Maraming salamat po, Mayor. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Mabuhay itong tao na ito kailangan ninyo.

*****

**PRESIDENT DUTERTE:** Mr. Roque, ah Harry isa kang balitang mahusay na abugado ---

**SENATORIAL CANDIDATE HARRY ROQUE:** Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- at I am confirming it that you are really a good lawyer. At maitanong ko nga, ‘yung mga cases mo sa Maguindanao massacre ---

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- pati ‘yung kay Laude?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Celebrated cases but nakita namin ‘yung fervor mo, ‘yung the fire inside you to do justice to everybody. Doon kami bumilib sa iyo.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** At ikaw ay isang professor sa College of Law sa national college ‘yung national university --- University of the Philippines at nagturo kayo sa Singapore?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Nagturo rin kayo sa American schools.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** At ika'y isang international lawyer. Ako po ay abugado kagaya mo, tayo, pero hindi ako nakatikim ng international. Hindi ko rin siguro talaga kaya. Hindi rin ako naging national lawyer kasi baka hindi ko rin talaga kaya.

Ang maipagyabang ko lang na local lawyer lang ako at local prosecutor. That is my only claim to what I should be telling people about my credentials.

Pakisabi mo nga how can you be an international lawyer?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Well, alam niyo po 'yung pagiging international lawyer ang akala ng marami it's a specialized field. Pero ang katotohanan po it affects our everyday life 'no. Wala po tayong aspeto ng buhay natin na hindi mayroong tratado na pinirmahan ang Pilipinas tungkol sa international law.

Iyong hangin na ating tine-take in everyday 'no, marami pong tratado diyan sa pagpoprotekta ng environment 'no. Iyong pagkatao natin, marami pong mga kasunduan tungkol doon sa mga karapatan ng mga anak, ng mga magulang.

So it is all-pervasive. Ang problema lang po tinuturo kasi as a separate subject sa law school so akala nila esoteric. Pero sa totoo po, it is the most relevant sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

At 'yung ating mga domestic laws po karamihan diyan eh ipinapatupad 'yung ating obligasyon 'no. For example, 'yung murder natin 'no is a statute under domestic law 'no. Pero under international law, ang ating obligasyon ay bigyan ng mabilisang remedyo under domestic law 'yung biktima ng murder 'no. So ang tingin natin domestic law pero it actually implements a treaty obligation ng Pilipinas.

So 'yung Maguindanao massacre po 'no nako talagang masalimuot po 'yan. Pero napakalaki rin po ng kontribusyon niyo dahil kayo ang nagpahiram ng

helicopter kaya nalaman kung nasaan ‵yung mga biktima. Siguro po kung hindi niyo napahiram ‵yung helicopter sila Toto, eh tuluyang nabaon na ‵yung mga bangkay at saka ‵yung mga sasakyan ‵no dahil plano nilang ibaon din ‵yung mga sasakyan.

Pero alam niyo po ‵yang Maguindanao Massacre dapat we will --- we should learn from the incident. Hindi po katanggap-tanggap na karumal-dumal na ‵yung kaso na ‵yun, napakatagal pa ng paglilitis, 10 taon ‵no.

Kaya nga po ngayong tumatakbo tayo, iniisip ko mayroon po akong solusyon diyan ‵no. Dati po kasi bago dumating ang mga Espanyol, ang system dito sa Pilipinas inquisitorial na pinapatupad pa po hanggang ngayon sa Europa.

Ang inquisitorial po ‵yung huwes ang kumukuha ng ebidensiya. Hinihingi niya sa abugado ‵yung ebidensiya. ‵Pag hiningi ‵yun ng huwes, ibibigay ng abugado. Eh ‵yung mga Amerikano po dinala nila ‵yung adversarial, ‵yung abugado nagpepresenta ng ebidensiya, napakateknikal kasi ang magdedesisyon mga non-lawyers, jury.

So kaya po talagang tumatagal ang mga hearing. Pati ‵yung mga expert witness, mga medico-legal eh mayroon pang direct, cross. Eh ano naman po ‵yan eh, i-impugn mo lang ang credibility. Otherwise, magpresenta ka ng sarili mong expert witness.

So ang aking suhestiyon po at pinag-aaralan natin kung maisasabatas ito at pupuwede naman po kasi mayroon tayong continuous trial law, eh bumalik tayo sa inquisitorial system nang sa ganoon po mapabilis ‵yung paglilitis ng kaso.

Minsan po kasi naka-attend ako ng hearing sa Europa as a lawyer. Isang araw po natapos ang kaso kasi after issues are joined, ‵yung huwes na hinihingi ‵yung mga ebidensiya at lahat nung mga testimonya naka-affidavit na. Kung may clarificatory questions, ‵yung judge na rin ang magtatanong. Isang araw po natapos.

Kaya nga iniisip ko baka dito eh pupuwede na tayong gumawa ng batas na three-day hearing rule. Lahat ng kaso dapat matapos ng tatlong araw at pupuwede po ‘yan kung talagang summary procedure dahil huwes naman po ang nagdedesisyon ‘no.

Tapos isa pa pong leksiyon na natutunan natin sa Maguindanao massacre eh, Mayor, hanggang ngayon po, 12 years after, maski mayroon ng danyos perwisyo na ibinigay, wala pa silang nakukuha ni singkong duling ‘no. So importante po siguro kapag murder ang kaso at naisampa sa korte, magkaroon tayo ng victims’ compensation fund para ‘pag nasampa na nga sa korte, gobyerno ang magbabayad nung jurisprudence kung magkano ang ibabayad for a loss of life. ‘Pag na-convict po ‘yung akusado, ire-reimburse.  Kasi ang katotohanan po usually lalo na kapag gunman lang ang nakuha, mayroong civil damages, wala namang pambayad ‘yung gunman na binayaran lang ‘no. So kawawa talaga ‘yung mga biktima.

So parang itong kandidatura ko po eh parang nagkakaroon ng fusion, name-merge po ‘yung aking karanasan bilang isang criminal litigator po na gaya ninyo po at saka ‘yung mga dapat na baguhin para respetuhin naman po lalo ng mga mamamayan ‘yung ating sistemang legal.

**PRESIDENT DUTERTE:** I subscribe to your ideas. Hindi ko nga lang kaya gawain ‘yung mga ginagawa mo as an international lawyer, eh mas marami kang alam eh kaysa sa amin, sa karamihan. But ‘yung --- ano ba ‘yung ano mo ‘yung kay Jennifer Laude?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maganda ‘yung pagkadala mo doon.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** At I think you secured a conviction?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo, opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maikuwento mo lang sa ating mga kaibigan nakikinig ngayon na gaano ka kaimportante na dumating ka sa Senado.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Well, 'yung Jennifer Laude po kaya namin hinawakan 'yung kasong 'yun kasi nagpapakita po na talagang habang hindi nawawala 'yang Visiting Forces Agreement, habang hindi nawawala 'yang Mutual Defense Treaty, eh parang colony pa rin tayo ng Amerika. Bakit po 'no? Nakasaad po doon sa VFA na kapag non-service-related --- non-service-related po 'yung kasalanan ng sundalo, hawak pa rin sila ng Amerika hanggang sila'y ma-convict.

So ang nangyari po kay Pemberton, ni minsan po hindi nahawakan ng pulis Pilipinas 'yung pagkatao ni Pemberton. Importante po kasi 'yung physical examination eh, makikita kung mayroong kalmot si Pemberton para makita kung lumaban 'yung biktima. Wala, hindi natin nahawakan 'no. Hanggang sa huli po, hindi natin nahawakan talaga.

Kaya nga ang sinasabi namin eh talagang ito'y vestige ng colonial past natin kasi mga Amerikano lang po 'yung may ganyang treatment. Mayroon po tayong Visiting Forces Agreement with Australia. Kapag non-service-related po at Australian, bigay kaagad sa Pilipino kasi ang covered lang naman ng immunity kapag service-related 'no. Pero 'pag non-service-related, dapat 'yung batas ng Pilipinas ang umiiral.

Isa po 'yun, pero ang pinakaimportante pang dahilan eh 'yung depensa nga po ni Pemberton. Siguro naintindihan ko na na-shock siya 'no na mayroong ari doon na hindi dapat naroroon. Pero ang sa'kin naman po eh sa panahon ngayon, dapat lahat ng tao eh nirerespeto na kung anuman 'yung [kasarian] nung ibang tao 'no.

Eh in the first place, bakit siya naging horny kay Jennifer Laude 'no? Sino ba nagsabi sa kanyang maging horny siya kay Jennifer Laude 'no? Eh wala naman pong nagsabi 'no. Pero napakasama din po 'yung nangyari 'no na pinatay siya sa pamamagitan nang paglublob sa ulo niya sa inidoro pa po 'no na napakadumi po, kung makikita niyo 'yung inidoro 'no.

At saka parang kinawawa naman masyado 'yung mga Pilipino. Bagamat may isyu nga po pati 'yung mga transgender na dapat siguro ni-reveal niya na transgender siya. Pero sa'kin po, hindi naman dahilan 'yun para patayin na napakakarumal-dumal na pamamaraan. Kasi marino 'yun eh. Alam mo naman ang mga transgender nagpapa-sexy 'no so wala po talagang laban 'yan, walang kadepe-depensa 'no.

**PRESIDENT DUTERTE:** Correct.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Pero 'yun po, so sa tingin ko naman po ay napakita natin kung bakit. Eh mag-ingat tayo 'no dahil sa susunod na magkakaroon ng kaso na mayroong Visiting Forces Agreement pa rin, maski non-service-related 'yan, kahit rape, kahit murder na non-service-related, eh talagang mahirap po kasi hindi mahawakan 'yung akusado eh.

So totoo lang po niyan, kung hindi prinesenta ng mga Amerikano para sa hearing 'yung si Pemberton, mawawala na po siya. At mayroon po talaga akong nakausap na isang Amerikano at sinabi ko po 'yan sa Supreme Court noong nag-oral argumentation kami doon sa VFA. Ang kuwento nung Amerikanong 'yun labas-pasok ng bansa si Pemberton habang naglilitis kasi siyempre kahit ano ang puwede nilang gawin dahil sila ang may hawak doon sa Amerikano 'no.

So 'yun po, siguro nga po kung kinakailangan talaga magpatuloy itong VFA, eh gayahin natin 'yung same provision sa VFA sa Australia at sa Japan na kapag non-service-related, dapat i-turnover sa pulis Pilipinas.

**PRESIDENT DUTERTE:** Dapat lang.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Dapat po, oo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Dapat… It would be a great deed if you can really reconfigure the jurisdiction of this in the matter of the crimes committed by foreigners, military foreigners who sojourned here and 'yung pangyayari nila naman kagaya nung kay Laude na talagang masama na.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Kasi po kung Pilipinong sundalo 'yan nakapatay nang ganyan habang on official visit sa US, hindi papayag ang Amerika na hindi magkakaroon ng jurisdiction ang US authorities diyan, never, never.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo. Pero tayo may treaty tayo.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Iyong Visiting Forces Agreement po. Pero noong dinala po namin 'yan sa Supreme Court, bahagyang nanalo po tayo kasi pumasok sa kasunduan si Kearney at saka si Romulo na ikukulong daw si Pemberton sa US Embassy.

Nanalo po tayo doon. Sabi ng Supreme Court, hindi. Ang dapat pagkasunduan kung saan idedetena si Pemberton, bagamat hawak ng Amerikano pero dapat 'yan jurisdiction ng Pilipinas. Eh ang US Embassy po hindi jurisdiction ng Pilipinas. So split decision po 'yung nangyari noong nagpunta kami ng Korte Suprema.

**PRESIDENT DUTERTE:** You were appointed as a spokesman.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam ko na inatake mo ako noon.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** And it was a well-founded criticism because it's true, it's existing, nandiyan 'yung ICC na kaso ko. It's there.

Pero ako, I took you in as my spokesman eventually kasi gusto ko 'yung mga tao na nagsasabi nang totoo sa akin maski na eh magagalit ako 'yung tingin nila na ito 'yung kaso mo, ito 'yung gawain mo. And you had the temerity to actually criticize me and I like it.

Kaya ako kung makita ko ‘yung iba magagalit na siya, ako hindi. Sabi ko, well, if you’re just telling the truth and nothing but the truth, eh ano namang kasalanan ni Roque kung magkiya-kiya kasi siya? Totoo naman may kaso ako. At ‘yung patay, baka nga totoo. So pero naman hindi naman ako kagaya kay Putin.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Hindi po, hindi.

**PRESIDENT DUTERTE:** Hindi naman ako nagpapatay ng mga bata, nagbobomba ako ng mga babae.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Noong bago pa akong pumasok sa gobyerno, member ako ng civil society, inimbestigahan ko po ‘yung Davao Death Squad. Pumunta ako sa Davao, nag-interview ako. At in fact, ang mga informants ko nga po ngayon lahat highly placed, mga provincial fiscal, city fiscal.

So ang report ko po --- at ito po’y hiningi ng Simbahang Katolika --- mayroong Davao Death Squad at alam ko po ‘yung modus operandi. Iyong modus operandi, ‘yung mga piskal ang magsasabi sa isang tao doon sa nasasakdal na palpak ang evidence ng pulis so hindi tatayo. So iyon po ‘yung napapatay.

Pero naging conclusion ko po, wala naman akong nakitang ebidensiya na then Mayor Rodrigo Duterte was behind it. Kasi tiningnan ko naman po ‘yung sinabi nila na mass grave ni Matobato. Pinahukay namin, ang nakuha lang eh buto ng aso ‘no. So ‘yun ang report ko po ‘no na mayroong Davao Death Squad pero walang ebidensiya na then Mayor Duterte was behind the Davao Death Squad.

Tapos ‘yung pagdating naman po sa ICC, ang problema po hindi alam ng tao na ang pinag-uusapan sa ICC, hindi lang po ‘yung patayan. Ang palaging pinag-uusapan, dapat ba ICC ang duminig ng kaso? Ang sinasabi ko po, kung mayroong reklamo, isampa sa piskal ng Pilipinas, sa piskalya ng mga --- sa hukuman ng Pilipino kasi gumagana naman po ‘yung ating sistema ng katarungan dito.

Marami pong naco-convict at sinabi niyo naman po na talagang maingay kami noon, patuloy po na pagsampa ng kaso ‘yung aking grupo laban sa mga pulis na tingin namin ay gumamit ng dahas illegally. So tumutuloy ‘yung proseso, hindi kinakailangang magpunta ng International Criminal Court at gumagana po ‘yung hukuman.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya maligaya ako doon. And even if perchance, masali ako doon sa demanda, gusto ko harapin ko, eh abugado ako. Na sinabi mo, tingnan ko na saan ako nagkamali dito?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Iyon nga po.

**PRESIDENT DUTERTE:** It is not a crime to say that *"you destroy my country, I will kill you."*

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Correct.

**PRESIDENT DUTERTE:** That is a very legitimate answer na sa isang interview na kung anong magawa mo. Kung sirain mo bayan ko, talagang papatayin kita. Anong gawain ko kung ako ang lider? Eh alang-alang naman hayaan ko na lang ‘yung bayan ko na ina --- would go into shambles?

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Ang hindi po naintindihan ng marami, hindi naman po ipinagbabawal na pumatay ang mga pulis. Dahil ‘pag may banta sa buhay nila, ‘yung tinatawag na mayroong necessity at mayroong proportionality, legal po ‘yan. Kasi alangan namang hayaan na nating mamatay lahat ng alagad ng batas ‘no?

**PRESIDENT DUTERTE:** Marami akong pulis na namatay.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Tama po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyan ang problema.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Tama, oo.

**PRESIDENT DUTERTE:** There is a good number of policemen, law enforcement people, na namatay sa engkuwentro rin. So…

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Kaya nga po ang sinasabi ko, mayroon pong interview lately ‘yung Al Jazeera, sana panoorin niyo po ‘no, kasi talaga doon talagang nagkainitan kami nung host.

Ang sinasabi ko hindi ka pupuwedeng mag-generalize because every case has its own peculiar fact. Kung ikaw ay litigator, alam mo 'yan. You cannot generalize that 5,000 people were victims of illegal killing. Titingnan mo isa-isa, tatanungin mo kung mayroong necessity o may proportionality. At habang hindi dumadaan sa imbestigasyon ng paglilitis 'yan, hindi mo masasabi na iligal 'yan.

So 'yun po 'yung sinasabi ko ngayon sa ICC 'no, unang-una, ang mga lokal na pulis, lokal na mga piskal, at lokal na mga huwes ang maghuhusga kung ligal o iligal 'yung pagpatay dahil ang ICC mayroon lang namang hurisdiksiyon kung ang ating mga lokal na mga institusyon ay hindi gumagana. Ngayon naman po gumagana, naco-convict naman po 'yung mga pulis na talagang iligal ang pagpapatay.

**PRESIDENT DUTERTE:** At saka 'yung mga mayors.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** O mga mayors po, 'yung isa nga one month lang --- dapat po i-promote natin 'yung judge na 'yun. *[laughs]* One month lang po 'yung pinakita sa TV na binaril 'yung mag-ama, one month, convicted. Sana nga po lahat ganoon kabilis 'no.

Iyong kay Kian delos [Santos], 'yung bata na pinatay ng pulis, convicted 'yung mga pulis. Kaya nga po ako, 'yung mga bata na kasama ko hanggang ngayon, sampa kayo nang sampa basta may kaso. Bakit? Kasi hindi talaga titigil 'yan kung hindi sila mapaparusahan.

Pero mabibilang lang po sa kamay 'yung mga nagkakasala. By and large, 'yung presumption po na of regularity of discharge of functions, nasusunod naman po dahil alam ko naman ang mga pulis eh pinag-aralan nila 'yan eh, in-indoctrinate sila na kinakailangan legal ang paggamit ng dahas. Napakahirap tanggalin sa isipan nila 'yan 'no dahil dumaan naman sila sa kurso ng Criminology at saka 'yung training ng pulis.

**PRESIDENT DUTERTE:** Fulfillment of duty or self-defense.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo. So tingin ko alam naman nila na bilang alagad ng batas, sila mismo hindi dapat lumalabag sa batas.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ako naman, I --- ang sabi ko, nagustuhan ko because you brought it out in the open, lalo na sa abugado na husay mo. So kung magsabi ka kung ito-ito 'yung mga kaso na hinaharap ni Duterte, good.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Pero sa ngayon po, wala. *[laughs]* Sa ngayon po wala because may prinsipyo po ng complementarity nga sa ICC. Patunayan nila na hindi gumagana ang lokal na hukuman. At kung sino man po 'yung abugadong magsasabi na hindi gumagana ang lokal na hukuman natin, mag-resign na sila sa pagiging abugado sa Pilipinas. Dahil as officers of the court, how can you say that we do not have a functioning judicial system 'no?

**PRESIDENT DUTERTE:** Correct.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Mag-resign na po sila sa pagkaabugasya. Gusto nila magbigti na rin po sila. *[laughs]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Now, itong… I think you should really be in the Senate.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sabagay nandiyan ka na sa --- paakyat ka na eh. Dapat 'yan kagaya nila Gordon, palitan mo na 'yan.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Wala na po, nasa ilalim na natin si Gordon. *[laughs]*

**PRESIDENT DUTERTE:** Mga kababayan ko, 'yan si Gordon 'yun ang may kaso na kriminal. Eh 'yung sa init ng ulo niya, sinita ko siya bakit niya tinatawag si Año, Secretary Año pati Secretary Galvez. Sinabi ko naman 'yun, wala itong Pharmally, pulpugin mo na 'yan. That was my first statement.

Now, the only thing really that I was not in agreement with them was tinatawag nila, nandiyan sa umaga, in the morning, and yet the whole day nakaupo sila doon, hindi sila tinatawag at all.

So sabi ko itong dalawa na ito, kasagsagan ‵yun ng pandemya. They had to be at the airport to supervise the delivery of the vaccines.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Tama po, tama.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyon lang man ang sinabi ko. P***** i**, itong Gordon na ito ayaw magpasita. Nandiyan man kayo, nakikinig kayo, since when did I ever --- sinabi ko if Pharmally or formalin nila na… Wala akong sinabi. Sabi ko pulpugin ninyo ‵yan. I'm only interested in the two government officials for respeto. Tawagin mo tapos buong araw hindi mo tanungin. Mahirap ‵yan eh. Ito si Gordon, naka --- dapat ikaw na ang pumalit kay Gordon diyan.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Sana po, sana po. At saka ‵yung sa Pharmally po, wala naman silang ---

**PRESIDENT DUTERTE:** O wala.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** --- kahit anong batas na binuo. Tapos ni hindi man lang nakakuha ng majo --- mayorya ng mga senador para pirmahan ‵yung report. So talagang wala pa pong report ‵yan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Walang report.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Tapos talagang in aid of election lang po. Tapos ako po matagal na akong nakaupo rin sa International Humanitarian Law ng PNRC ‵no, ng Red Cross. Nakakahiya po na tayo lang ‵yung mayroong chairman na ginagamit ‵yung Red Cross sa advertisement niya sa eleksiyon.

Kasi ang Red Cross po, ang mga prinsipyo niyan: impartiality, confidentiality ‵no. Hindi po dapat ginagamit ‵yan sa pangampanyahan. Pero ang mga advertisement ni chairman eh ginagamit ‵yung Red Cross.

**PRESIDENT DUTERTE:** Kaya gusto ko nandiyan ka sa Senado. Hihingiin ko lang magsabi ka lang ng totoo. Mag-privilege speech ka lang and you just tell the truth and nothing but the truth para malaman ng tao, para malaman ng International Red Cross kung anong ginagawa nitong kumag na 'to.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo, opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Eh panloloko 'yan eh. Now, ito dito, kailangan ko talaga 'yung advice mo.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** West Philippine Sea.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Well, alam niyo po, kung hindi kayo dumating as President, tinanggal na po tayo ng Tsina sa lahat ng isla na hawak natin. Bakit ko po sinasabi 'yan?

Napakadami ko pong mga articles na pinublish (publish) na ano. Mayroon po akong nakuhang dokumento na kung hindi po ako nagkakamali by 2025, dapat lahat nung mga nag-aangkin, natanggal na diyan. Kasi ang China po, lahat ng plano nila nakasulat phase by phase. By year 2050, they should already be, again, a maritime superpower.

Pero ngayon po, itong period na ito, they should have the right to exclude others from their municipal waters, which is the West Phillippine Sea. So ang ibig sabihin po nito, hindi tinuloy ng Tsina 'yung plano nila na tanggalin tayo doon sa mga isla dahil nandiyan po kayo.

Iyan po ang totoo. The document exists, 'yan po talaga ang intensiyon ng China. Ang tingin ko, they were taken aback with your style of diplomacy na talagang nag-develop kayo ng personal friendship at sinabi niyo talaga na hindi naman natin ito mareresolba ngayon, so iurong natin, iusog natin 'yung mga pupuwede nating pagkasunduan, 'yung kalakalan, 'yung pamumuhunan, isantabi muna natin ito 'no.

Ang worry ko po, at actually, sasabihin ko na po, sinabi ko na rin kay dating Senator Bongbong Marcos 'yan, kinakailangan buuin mo ang iyong China policy. Kasi si Presidente, eh napahinto niya 'yung plano ng China na kunin na 'yung mga isla sa atin.

At noong kinuha naman ‘yung dalawang isla ng --- natin ng China, wala namang ginawa ang Amerika eh, despite the fact na mayroon tayong MDT. So --- actually, kung makikita niyo po kung gaano kakaunti ‘yung mga troops natin doon at kung gaanong hindi talaga moderno ‘yung ating mga kasangkapan doon ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Token.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** --- token presence lang, puwede talaga tayong paalisin ‘no. So ngayon, ang sabi ko talaga kay Senator Bongbong pag-isipan niyang mabuti 'yan dahil mukhang naging very personal ‘yung relationship ni Presidente Duterte kay Presidente Xi kaya hindi lumala 'yung problema natin.

Pero ‘pag nagbago na ang presidente, hindi ko alam if the same goodwill will prevail. So kinakailangan handa for all possibilities. At tingin ko naman, walang recourse po ang future president. Hindi naman natin kayang lumaban maski sabihin na natin na we can use force for self-defense. Wala naman tayong sapat na kakayahan for self-defense.

So kinakailangan talaga ipagpatuloy po 'yung style na ginawa ninyo ano na talagang utmost diplomacy to the point of personal friendship nang hindi po talagang magkagulo dito sa West Philippine Sea. So mahirap po. It's a hard act to follow iyong ginawa ninyo because it was a very personal approach 'no. Sana po ma-duplicate.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay. Now, last, peace and order --- law and order rather.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Opo.

Well, alam niyo po ako, although I'm a private prosecutor, parang prosecutor din po ako because you can count only with five fingers the cases that I handled for the defense. I'm always for the private prosecutor. I'm always the private prosecutor.

At tingin ko po, bukod pa diyan, mayroon po akong NGO na hindi ko pinangangalandakan. It is now 32 years. Iyan po ay therapeutic centers, rehab facility para sa mga drug addicts na mga kabataan.

So alam ko po bagamat hindi ako masyado maingay sa suporta sa giyera laban sa ipinagbabawal na droga, sa buong career ko po as a lawyer, I have never accepted a drug case na defense 'no.

And very quietly, we are helping with the young people. Bakit po? Kasi alam ko po talaga ang epekto ng droga. Talaga pong mga karumal-dumal na krimen ang mga nangyayari. Mayroon po kayong isang fath --- isang pari na nagpapatakbo rin po ng isang juvenile rehabilitation center sa Alabang. Umiiyak po 'yan 'pag kinukuwento niya kung ano ang nakikita niya diyan sa mga komunidad at kaya kung bakit respetadong-respetado niya po kayo. I share his view.

Kinakailangan talaga, unang-una, kamay na bakal kasi kapag na-influence ng droga po, wala ng reason iyan. Pero at the same time, kinakailangan iyong ginagawa niyo rin ano na binibigyan niyo rin ng suporta para magkaroon ng effort na magbagong buhay 'no 'yung mga nalulong na sa droga.

So tingin ko naman po kaya napakataas ng trust rating ninyo hanggang ngayon, a few months na bago kayo bumaba sa puwesto, eh dahil natupad niyo 'yung pangako ninyo na mas matahimik na mga komunidad.

Iyong mga magulang hindi na natatakot na baka rape-in ang mga anak nila ng isang drug-crazed na adik 'no dahil nasa lugar na po 'no. Natatakot na 'yung mga gumagamit ng droga at napamahal natin ang presyo ng droga 'no dahil talaga namang sunod-sunod talaga 'yung ating pagco-confiscate ng mga droga.

Iyong tiya pong --- tiya kong matandang dalaga na nagpalaki po sa akin, nako kakampi po niyo 'yun. Binigyan po 'yan ng award ng Supreme Court kasi for bravery kasi nasunog ang Pasay City Hall, pinasok niya 'yung nasusunog na City Hall, kinuha niya 'yung ebidensiya niyang shabu. Dahil 'pag nasira 'yung shabu, mawawala 'yung ebidensiya niya. *[laughs]*

So ganyan naman po iyong background ko. Kailangan lang intindihin ng taumbayan na iba ang nangyayari doon sa mga pinakamahirap na mga

komunidad at kung gaano katindi talaga iyong banta ng ipinagbabawal na droga.

**PRESIDENT DUTERTE:** So I... I think we're on the right track. You have the mindset of reasonableness and alam mo kung saan ilagay 'yung sarili mo in a conf --- in a social conflict that's destroying a lot of people.

So mga kababayan, iilan lang ito silang senador na piniling-pili ko para suportahan. Suportahan ninyo si Roque. Tanggalin na ninyo 'yang mga marami diyan. Iyong... Iyong overstaying na na ilang termino na. Wala naman na...

Kagaya nito ni Gordon. Ginamit pa niya iyong pagka-chairman niya sa Subic Board tapos hindi nagbayad. May criminal case iyon kasi hiniram nila sa gobyerno dahil may for a specific purpose. But he got the P85 milion and never...

Iyong liquidation niya hindi tinanggap ng COA. He was given --- he was flagged, disallowance. Ngayon, nanghingi siya ng sa en banc, talo siya; then umakyat siya sa Supreme Court, talo siya. And that judgment sa Supreme Court said that the judgment is final and executory.

Nagtaka lang ako kung bakit nandiyan pa 'yan. He should be there in the Ombudsman answering the charges of malversation. Iyan ang pangalan ng COA is disallowance. Pero kung itapon mo na dito 'yung kaso sa Ombudsman, ang pangalan niyan hindi --- walang notice of disallowance. It is malversation 'pag hindi mo na-account.

Well, iyong pa-ano ipahabol ko na lang. Pero all in all talagang matinik ka.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** At sayang, sayang po. Ako'y nakikiusap hindi para sa akin. Hindi na ako --- wala na akong kailangang senador sa buhay ko. Hindi ko na... Ang sinasabi ko sa inyo, kailangan ninyo ito si Harry Roque dahil kailangan ninyo.

Ako'y nagkakampanya dahil makatulong sa bayan where I am also an ordinary citizen by then looking up at government to protect us. So kung nandiyan lang kayo sa name recall, ang problema kasi nitong natin, pati ako, doon sa mga konsehal ko, hindi ko naman --- 'pag hindi ako magdala ng ballot, sample ballot, hindi ko na fini-fill up kasi maski ako nakakalimutan ko 'yung dalawa --- tatlong distrito 'yan, 888 at three congressional districts.

So mayroong eight, eight, eight per district. Hindi ko talaga ma... So bobotohan ko 'yung sa City of Davao. Doon lang sa eight, hindi ko na maalaala. Kaya ang advice ko talaga, name recall. Magdala na lang kayo ng listahan ng ballot box na ibigay ko sa inyo.

Mahalin ninyo 'yan kasi hindi naman marami 'yan 'pag malaman mo lang kung nasaan ako na kumakampi. I said I do not need the senators at this time sa buhay ko. Retired na ako. Puwede na akong tumahimik.

Nakikiusap ako kagaya kay Robin, kay Marcoleta, ito si Harry. Nako 'pag hindi ninyo kinuha 'yan sa... Anong...? Hindi ko malaman 'yung iba. Anong kwalipikasyon ng iba diyan? So ulit-ulitin ko 'yan: Marcoleta, Roque, Robin Padilla, tapos si, well, Panelo.

Ayaw ninyo sa rating, medyo mababa. Pero sinasabi ko sa inyo malaki ang maitulong niyan sa bayan. Roque, kaya niya lahat. He's an international lawyer. Vote for him. Para sa inyo 'yan, hindi para sa akin.

Salamat po.

**SENATORIAL CANDIDATE ROQUE:** Salamat din po, Mr. President, sa karangalan na ibinigay niyo para manilbihan sa bayan at salamat po sa serbisyo niyo sa bayan. Salamat po.

**--- END ---**